

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS,
SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 19 DECEMBER 1994, 9:20 A.M. SA BULWA-
GANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Jesus M. Dimapilis	- Tagapangulo
Kagawad Cesar T. Baticos	
Kagawad Honesto O. Taytay	
Kagawad Ferdinand V. Talens	
Kagawad Bernabe S. Mortel	
Kagawad Cosme T. Mores, Jr.	
Kagawad Ranulfo C. Bernal	
Kagawad Eduardo G. Villamin	- ABC President

Hindi Nakadalo:

Kagawad Crisencio S. Calma	
Kagawad Juanito A. Bacay, Jr.	
Kagawad Lorna F. Dimapilis	- SK Chairman

KAPASYAHAN BLG. 125
Taong 1994

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT
PAKIKIDALAMHATI SA PAMILYA NG NAMAYAPANG NAGING
HUKOM PAMBAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, KGG.
PEDRO YUZON.

SAPAGKA'T, ang atas ng Maykapal na pagmamahal sa ating kapwa-tao ay nai-
pakikita at naisasagawa sa maraming kaparaanan, isa na rito ang
paglilingkod-publiko sa mga ahensya ng ating pamahalaan;

SAPAGKA'T, ang namayapang Kgg. PEDRO YUZON ay naging lingkod-bayan sa
Kagawaran ng Katarungan sa napakatagal na panahon bilang Pam-
bayang Hukom sa Roxas, Silangang Mindoro;

SAPAGKA'T, sa buong panahon ng kanyang panunungkulan, siya ay nagsilbing
haligi ng katarungan, katotohanan at katapatan sa pagsasagawa ng
kanyang mga tungkulin at responsibilidad sa taong-bayan sa pama-
magitan ng paggawad ng hustisya na walang kinikilingang uri ng
tao, antas sa lipunan, kredo at iba pang pamantayan sa bunay;

SAPAGKA'T, sa loob ng mga panahong ito siya'y minahal at iginalang ng mga
taong nabigyan niya ng katarungan, ng mga naimulat at naituwid
ang mga kaisipan at mga landasin sa pamamagitan ng kanyang maka-
tao at makaamang pamamagitan at pamamatnubay sa pagdinig at pag-
bibigay ng karampatang aksyon sa mga usapin;

SAPAGKA'T, sa mga kababayang taga-Roxas siya'y isang pinagpipitaganang
namumuno at lider na ang mga opinyon, kurukuro at payo ay pina-
kikingan at isinaaalang-alang;

[Handwritten signature]

SAPAGKA'T, si Kgg. Pedro Yuzon ay isang mapagpalang ama sa kanyang mga anak at isang mapagmahal na asawa na ang buhay at inilaan sa kabutihan, kaayusan at kapayapaan ng kanilang tahanan;

SAPAGKA'T, ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kalungkutan at kawalan sa mga taong nagmamahal at umaasa sa kanyang pamamatuubayan at pagkakandili; at

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ito at ang pamumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas ay lubos na nakikiramay at namimighati sa pagpanaw ng isang ama, isang kapatid at isang kaibigan.

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kagawad Ferdinand V. Talens na pinangalawahan ni Kagawad Cosme T. Mores, Jr. -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot ang taupusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng lahat ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro sa mga naulila ng namayapang dating Hukom Pambayan, Kgg. PEDRO YUZON.

IPINASYA PA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Gng. Liberty Fabella Yuzon, maybahay ng namayapang hukom at sa kanilang mga anak at kaanak, lakip ang aming taupusong pakikiramay at pakikidalamhati.


Pinagtibay ng lahat.

19 December 1994


CERTIFIED CORRECT:


VIOLETA P. FUENTES
Secretary to the Sangguniang Bayan

ATTESTED:


JESUS M. DIMAPILIS
Municipal Vice Mayor

APPROVED:


GELACIO I. YASON
Municipal Mayor